HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. VI No. 07 JANUARY 17-23 ,2022 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034



**Congressman Alex "AA" Advincula**
*3rd District of Cavite, Rep.*

# IMPLEMENTASYON NG PANGATLONG DEBIT-CREDIT PAYMENT METHOD TULOY NA



*Sa pangnguna ni PRO IVA ARVP Arlan M. Granali, nakipag pulong ang PRO IVA sa PHAPI-Quezon Chapter upang pag usapan ang ilang bagay patungkol sa claims at gayundin na ipaliwanag ang DPCM Nationwide. Pinangunahan ni President Dr. Juan Eugenio Villanueva para naman sa panig ng PHAPI-Quezon Chapter*

Ipapatupad ng PhilHealth ang pangatlong Debit-Credit Payment Method (DCPM) sa buong bansa. Ito ay bilang tugon ng ahensya sa panawagan ng mga Health Facilities sa agarang pagbabayad ng kanilang mga claims na naipasa na sa PhilHealth.

Ang DPCM o Debit-Credit Payment Method ay isang porma ng **(cont. P.2)**

BUSINESS ONE-STOP SHOP 2022

JANUARY 3 - 20, 2022

- 200 PERSONS / DAY WITH COMPLETE REQUIREMENTS (FIRST COME FIRST SERVE BASIS)
- MAKUKUHA ANG APPLICATION FORM SA BUSINESS PERMITS AND LICENSING OFFICE (BPLO)
  - BRING 2 COPIES OF REQUIREMENTS
  - BRING 4 PRINTED COPIES OF ACCOMPLISHED FORM

REQUIREMENTS FOR SECURING BUSINESS PERMIT



| NEW | RENEWAL |
|---|---|
| 1. DTI or SEC Registration (Business Name) | 1. Financial Statement or Certificate of Gross |
| 2. Sanitary Permit (City Health Office) | 2. Sanitary Permit (City Health Office) |
| 3. Occupancy Permit (City Engineering Office) | 3. SSS Clearance |
| 4. Zoning Clearance (City Planning and Development Office) | 4. PNP CCTV Clearance (CCTV Layout and Screenshot, 2 copies) |
| 5. Proof of Ownership / Contract of Lease / Tax Declaration | 5. Public Liability Insurance (with 1,000,000.00 Gross Sales) |
| 6. Public Liability Insurance (with 1,000,000.00 Capitalization) | 6. Market Clearance (Transport/Sepacio/Public |
| 7. PNP CCTV Clearance (CCTV Layout and Screenshot, 2 copies) | 7. Market Old and Annex Stall Owners) |
| 8. Market Clearance (Transport/Sepacio/Public Market Old and Annex Stall Owners) | |

Like, Follow our FB Pages
fb.com/gemmalubigan | BagongTrecePusoNgCavite
MGBL VMBM
Bagong Trece
Be Blessed, Be A Blessing

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# Implementasyon ng Pangatlong Debit-Credit Payment Method...

(from p. 1)



payment mechanism sa siyang katugunan ng PhilHealth sa panahon ng pandemya simula pa noong taong 2020 ng unang manalasa ang covid19 sa bansa.

Kaugnay nito, naki-pagpulong ang pamunuan ng PhilHealth Regional Office IVA sa pangun-guna ni Acting Regional Vice President Arlan M. Granali sa mga miyem-bro ng Private Hospital Association of the Philippines (PHAPI) - Quezon Chapter para maka-pagbigay ng paglilinaw sa mga polisiya sa ilalim ng DCPM at mabigyang klaripikasyon sa gagawing claims reconciliation. Ayon sa Pangulo ng PHAPI - Quezon Chapter Dr. Juan Eugenio Villanueva, humingi sila ng pagpupulong upang maresolba ang kanilang hiling na mabayaran ang kanilang mga pending hospital claim. Aniya, "Ano ang hakbang na gagawin ng PhilHealth para mabayaran ang hospital?".

Binigyang kasiguraduhan naman ni ARVP Granali na agarang ipo proseso ang mga aplikasyon ng mga pasilidad sa DCPM upang ito ay mai-release na sa lalong madaling panahon.

Nagbigay din ng suporta ang PHAPI-Quezon Chapter sa PRO IVA na patuloy silang makikipagtulungan sa PhilHealth para sa adbokasiya na makapag bigay ng serbisyong medikal.

Gayundin, nakipagpulong si PCEO Atty. Dante Gierran, COO Eli Dino D. Santos at ang PRO IVA officers kay Quezon Governor Danilo Suarez patungkol sa pagpapatupad ng DPCM. Pinasalamatan ni PCEO Atty. Gierran at ARVP Granali ang pamunuan ng Probinsya ng Quezon sa pagbabalik ng ng pondong hindi nagamit nagkakahalaga ng Php 83 million na mula sa Interim Reimbursement Mechanism o IRM.

Mayroon 65 na pasilidad ang nag-avail ng DPCM 1 buong Region 4A at patuloy din ang pakikipag-ugnayan ng PhilHealth Regional Office IVA Reachout team sa mga hospitals na may aplikasyon ng 20 pasilidad sa DCPM2.

Upang ma-avail ng isang Health Facility ang DPCM, kinakailangan makapasa sa mga sumusunod na panuntunan:

>Walang balanse sa Interim Reimbursement Fund

>May Covid-19 package claim na kahit isa

>Walang penalty o suspension sa loob ng applicable period

>Para sa mga Health Facility na naka-avail ng DPCM 1 and 2, maaari pa din silang mag avail kung atleast 20% ng nairelease na halaga ng DPCM ay na reconcile na.

Sa kasalukuyan, mayroong 8 Health Facilities sa Region IVA ang nagpasa ng kanilang Letter of Intent sa PhilHealth para makaavail ng DPCM:

>Pagamutan ng Dasmariñas

>Westlake Medical Center

>Global Care Medical Center of Canlubang Inc.

>Christian General Hospital

>First Cabuyao Hospital and Medical Center

>Calamba Medical Center

>St Jude Family Hospital

>The Medical City South

Sa kabila ng implementasyon ng DCPM, tuloy tuloy ang pagbabayad ng PhilHealth sa mga pasilidad na tinatayang umabot na sa Php 165.8 billion simula Enero 2020.

Para sa ibang detalye ukol sa DPCM, maaaring bisitahin ang PhilHealth website www.philhealth.gov.ph at hanapin ang PhilHealth Circular No. 2021 - 0023. ### (jpc)

# Pagbili ng paracetamol at mga gamot sa trangkaso, nilimitahan ng DOH at DTI



Naglabas ng memorandum ang Department of Trade and Industry (DTI) at Department of Health (DOH) na nagtatakda ng limitasyon sa pagbili ng paracetamol at iba pang mga gamot laban sa trangkaso bunsod ng mataas na demand nito sa gitna ng patuloy na pagdami ng bagong kaso ng COVID-19 sa bansa.

Sa memorandum circular no. 22-01, magkakaroon ng purchase cap para sa paracetamol, carbocisteine at iba pa upang maiwasan ang pagkakaroon ng kakulangan sa suplay at pagtaas ng presyo ng nasabing mga gamot.

Nakasaad sa nasabing memorandum na ang bawat indibidwal ay maaari lamang makabili ng 20 pirasong tableta ng Paracetamol habang 60 tableta naman ang papayagan sa kada kabahayan.

Sa likidong gamot naman, ang isang indibidwal ay maaari lamang makabili ng limang bote, at 10 naman sa buong kabahayan.

Hindi rin papayagan ang pagbebenta ng mga gamot sa online platforms maliban na lamang kung mayroon itong permiso mula sa Food and Drug Administration.

Ang sinumang lalabag sa nasabing memo circular ay mahaharap sa kasong paglabag sa Price Act, at Consumer Act of the Philippines.

Kaugnay nito, nauna nang kinumpirma ni DTI Secretary Ramon Lopez na ang mga gamot gaya ng Biogesic at Decolgen ay pansamantalang 'out of stock' na sa ibang lugar dahil sa isyu sa delivery ng nasabing mga gamot. (GOCAVITE)


**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

HUMANITY NEWS TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE



All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.



MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

PAPER.Ph EST 2019

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00




**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## NASAAN SILA

1. Nang una ay bantog silang mga lahi,
At kinikilala ng mababang uri,
Sila sa lawak ng lupa'y naging hari,
At lumikha nitong mataas na lipi.

2. Ang Celts ay nanggaling sa dako ng Russia,
Sa kanilang unlad Kanluran gininda,
Sila ay lumikha sa asing pantimpla
Sa unang Griyego nila ibinenta.

3. Ang Griyego naman, sila'y nangalakal,
Barko ay may layag tinungo'y kanluran,
Subali't ang Roma naman isinilang,
Na siyang maghahari sa maraming bayan.

4. Ang Celts na kumalat tinugis ng Roma,
Kaya naisadsad sa lugar ng isla,
Naroon sa Ireland ngayon at Britanya
Sila ay nabuhay nguni't humina na.

5. Ang Persia sinakop ang lugar sa Asia,
Alexander, The Great Persiano'y ginyera,
Nasakop din ito subalit ang Roma
Griyego'y tinalo at pinababa niya.

6. Muslim ng Arabia'y tinalo ang Roma,
Ang Roma'y gumuho at relihiyon nila
Na Roman Catholic muling nag-umpisa,
Nagputong sa Hari doon sa Europa.

7. Sa katanghalian ng Roman Catholic,
Isang kapatiran ang doon naghasik
Sa katotohanan Mason ang naggiit
At Roman Catholic nanghina sa panig.

8. Ang Celts, ang Persiano, ang Griyego't Roman,
Silang lahing una, sila'y natabunan,
Kung meron man ngayong Catholic at Islam,
Sila'y humina rin sa kapangyarihan.






# PhilHealth Extends 2021 Accreditation of Healthcare Facilities

The Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) on Tuesday announced that it will extend the validity of all currently accredited health facilities (HFs) until January 31, 2022.

In its Advisory No. 2021-049 signed by its President and CEO Atty. Dante A. Gierran, the state agency made the extension provided that "... *they (HFs) have submitted their complete applications for CY 2022 accreditation to the concerned PhilHealth Regional Office on or before January 31, 2022.*"

The PhilHealth Chief also reminded that applications received for continuous or renewal of accreditation beyond January 31, 2022 may result in a gap in a facility's accreditation.

Earlier in November 2021, PhilHealth released Advisory 2021-046 saying it has started accepting applications for continuous or renewal of accreditation until December 31, 2021. However, to give HFs ample time and to ensure continuous processing of their claims, the validity was further extended.

Continuous accreditation is provided under the Revised Implementing Rules and Regulations of Republic Act 10606 or the National Health Insurance Act of 2013. Accreditation is granted to health care providers that have applied through basic participation and complied with the requirements prescribed by PhilHealth, qualifying them to uninterrupted participation in the Program until their accreditation is withdrawn based on rules set by the Corporation. ###

PhilHealth Your Partner in Health

Callback Channel: 0921-630-0009
Text: "PAIC callback <space> your mobile number or Metro Manila landline <space> details of your concern"
PhilHealthofficial teamphilhealth
actioncenter@philhealth.gov.ph




# PhilHealth vows to settle some P25.4-B of hospital claims




Philippine Health Insurance Corp. (PhilHealth) president Dante Gierran on Tuesday assured that the current in-process claims amounting to PHP25.45 billion would be paid within six months to private hospitals.

Gierran made the assurance during a virtual meeting of the House Committee on Health on the latest developments regarding the agency's reimbursements and payments to hospitals based on its various circulars related to Covid-19 benefits package claims.

He said the payment shall be made through the Debit-Credit Payment Method (DCPM), which was adopted by PhilHealth to facilitate the settlement of accounts payable to healthcare facilities during the state of public health emergency due to the Covid-19 pandemic to ensure the continuous delivery of healthcare services.

According to PhilHealth, the DCPM will allow the speedy release of funds to qualified hospitals nationwide that have signified intention to avail of the new payment mechanism while PhilHealth processed their claims.

Gierran said as of Jan. 7, 2022, the agency has released PHP12.05 billion to 444 hospitals via the DCPM.

Meanwhile, Marikina City Rep. Stella Luz Quimbo questioned PhilHealth officials about the average turnaround time it takes to process Covid-19-related claims.

Quimbo said it is "unacceptable" that PhilHealth can only process 21 percent within two years and that the agency lacks the complete data on the average number of days it takes to process unpaid claims.

Meanwhile, PHAPI president Dr. Jaime Almora said the planned "disengagement" of hospitals from PhilHealth over billions of pesos worth of unpaid claims means that private health care providers will no longer lend money to PhilHealth for the payment of medical expenses by the Filipinos.

Almora, however, said PHAPI was willing to assist PhilHealth members who will directly shoulder the expenses for the reimbursement of claims from the agency.

## *Pagbati Mula kina:*



**Cong. Jonjon Ferrer**
*Gen. Trias, 6th Dist. of Cavite*



**Vice Mayor Ony Cantimbuhan**
*Imus City, Cavite*



## FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**MAHATMA GANDHI** -*Siya ang Ama ng kalayaan ng buong India sa pamamahala ng mga British na nagresulta sa pagkakahati nito sa India at Pakistan. Ang kanyang non-violent resistance sa mga British ay umani ng papuri sa buong daigdig. Siya ay pinatay ng isang di nasiyahan sa paghahati noong 1948 sa gulang na 78 na taon.*



## LET THERE BE LIGHT!

By

Eng'r. VEr Campaña Bautista

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**TUBUAN -** Ang Tubuan, Silang ay dating tubuhan, Sa bigkas ng Espanyol ito ay tubuan.

# HIGIT 2 MILYONG PISO, TINANGGAP NG MGA MAMAMAYAN NG GMA MULA SA TUPAD



Higit dalawang milyong piso ang ipinamahagi kamakailan sa 505 indibidwal mula sa bayan ng General Mariano Alvarez na benepisyaryo ng Tulong Panghanapbuhay sa Ating Displaced/ Disadvantaged Workers (TUPAD) ng Department of Labor and Employment.

Ang nasabing aktibidad na pinangunahan nina Congresswoman Dahlia Loyola, Mayor Roy Loyola at VM Aidel Belamide.

Tumanggap ang bawat benepisyaryo ng halagang P4,000 sahod mula sa kanilang partisipasyon sa nasabing programa.



## CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**Jose Basa y Enriquez - Siya ay isang abogado, manunulat at makabayan. Siya ay idinawit sa Cavite mutiny of 1872 at itinapon sa Guam datapwa't nakatakas at nakarating sa Espanya kung saan nabigyan siya ng pardon.Muli siyang inusig at itinapon sa Mindanao kasama si Jose RIzal. Pinatawad siya matapos ng dalawang taon. Naging delegado siya sa Malolos Congress.**

# KAUNA-UNAHANG PAMPUBLIKONG LYING-IN, ITATAYO SA ALFONSO NGAYONG TAON



Masayang ibinahagi ni Alfonso Mayor Randy Salamat, ang pagpapatayo ng kauna-unahang pampublikong lying-in sa kanilang munisipalidad ngayong taon.

Ang naturang pasilidad ay inaasahang magbibigay ng libreng serbisyo sa mga mamamayan ng Alfonso.

"Ito po ay libreng paanakan na matatagpuan po sa Mangas II. Pero hindi ibig sabihin na may ganito na tayo ay magparami po kayo ng anak ha," aniya.

Bukod sa nasabing pasilidad, ongoing na rin ang pagpapatayo sa dialysis center ng kanilang bayan habang ang kauna-unahang pampublikong ospital naman ay naka budget umano para sa taong 2023.

Ikinatuwa naman ng maraming mga residente ang mga proyektong ito para sa sektor ng kalusugan sa kanilang bayan.(GOCAVITE)

# MENSAHE SA BAYAN NI NAIC MAYOR JUNIO DUALAN



Ang Pilipinas po ay kasalukuyang nakakaranas ng another surge of covid cases dulot ng Omicron variant. As of today po January 11, 2022 ay mayroon napo tayong 194 active cases dito sa bayan ng Naic.

Ang Omicron variant po ay 4 times mas nakakahawa kaya tayo po ay mag ingat mabuti at iwasan munang magkaroon ng mga gatherings o lumabas kung hindi naman kinakailangan. Ayon sa mga pag aaral ng DOH, kalimitang asymptomatic or mild symptoms lamang ang dulot ng Omicron sa mga VACCINATED individuals. Karamihan sa mga nakakaranas ng moderate to severe symptoms ay mga UNVACCINATED individuals. Kung kayat ang aking pakiusap ay magpabakuna napo ang lahat, hindi lamang para sa inyo kundi para na din sa mga batang kasama ninyo sa bahay na hindi pa bakunado.

Ang atin pong Sangguniang Bayan, sa pakiusap ng inyong lingkod, ay nagpasa ng Ordinansa na naglalayong limitahan ang paggalaw ng mga unvaccinated individuals sa ating bayan. Kasama dito ang kautusan sa lahat ng mga Business Establishments at TODA na mga vaccinated individuals lamang ang kanilang maaaring papasukin o isakay pwera lamang po sa mga exceptional cases tulad ng essential or emergency cases.

Kamakailan lamang po ay ating isinara ang Munisipyo at ito po ay sa kadahilanang 27 na empleyado po ang nagpositibo sa ating ginanap na Mass Testing noong January 5, 2022. Para po sa mga kukuha ng Business Permit at Tricycle Permit wag po kayo mag alala dahil tayo po ay magkakaroon ng extension at iyan po ay ating iaanunsyo sa mga susunod na araw. Gayundin po ang Real Property Tax, ito po ay magkakaroon din ng extension.

Isang magandang balita naman po.

Ang bayan po natin ay kasama napo sa Top 5 sa buong lalawigan ng Cavite pagdating sa accomplishments sa vaccination. Mula po sa bottom 2, ang Naic po sa loob lamang ng ilang buwan ay kasama na sa top 5. Binabati ko po ang Team Resbakunahan ng Naic sa pangunguna nila Dra. Marissa Nazareno at Dra. Carolina Matel.

Muli po, maging vigilant po tayo. Ingatan ang sarili. Umiwas sa matataong lugar. Mag alcohol, maghugas ng kamay at laging magsuot ng face mask.

God bless the Naicqueños.

Inyo sa mabuting paglilingkod,

-Mayor Junio C. Dualan




# SPIA Development Consortium granted OPS for Cavite's Sangley Point International Airport Project



SPIA Development Consortium, a group led by local and international firms, has been granted the original proponent status (OPS) by the provincial government of Cavite for the redevelopment of Sangley Airport into an international gateway.

In October last year, the Cavite provincial government declared a second failed bidding after no bids were submitted for the airport project.

In a statement, SPIA Development said they submitted the unsolicited proposal in November 2021 to form a joint venture with Cavite for the Sangley Point International Airport project.

SPIA added that Cavite Governor Jonvic Remulla issued the Certificate of Acceptance to the consortium on January 7, 2022.

"Acceptance of the unsolicited proposal is a clear sign of the Province's commitment to delivering this nationally significant and legacy project to the Filipino people. We are very glad and hopeful that this consortium made up of reputable domestic and well-known global development and investment companies will help us successfully complete the project," Remulla said.

The long-delayed Sangley Airport project is envisioned as a fully modernized, world-class, and green airport that is designed to meet an anticipated increase in demand for air transport in the next 30 to 40 years.

The consortium also said that as soon as the project is awarded, they are prepared to transform SPIA into a premium international gateway that can serve as an alternative to the congested Ninoy Aquino International Airport (NAIA).

After final planning, design, and financial closing, the work would immediately begin with the construction of a 4.6-kilometer connector road from the Kawit Interchange of Cavitex that would lead to Sangley, with the time of completion estimated at two years, according to the consortium.

The SPIA Development Consortium Philippine lead members are Cavitex Holdings Inc. (CHI) - that was responsible for the development, design, and construction of the Manila-Cavite Expressway (Cavitex) that was eventually acquired by Metro Pacific Investments Corp., and the Yuchengco Group of Companies (YGC), a conglomerate engaged in construction, infrastructure development, banking, insurance, and automotive services, among others.

Joining the local companies are global firms including South Korea's Samsung C&T Corp, Germany's Munich Airport International GmbH, and UK's Arup Group.

(GOPHILIPPINES)

# A SUSTAINABLE BODY-LOVING BODY BUTTER FROM THE BODY SHOP



Protect and nourish very dry skin with The Body Shop's new and improved Shea Body Butter now made with 97% ingredients of natural origin, including handcrafted Community Fair Trade shea butter from Ghana and Community Fair Trade organic babassu oil from Brazil.



The Body Shop's new intensely creamy Body Butter comes in recyclable packaging made with an aluminium lid and 100% recycled plastic tub, including Community Fair Trade recycled plastic from India. This means you can love your planet every time you love that beautiful body.



The Body Shop's extra nourishing Argan Body Butter is a cult favorite. Enriched with precious argan oil, it has a warm and creamy scent with a hint of the exotic.



English rose extract, handcrafted Community Fair Trade shea butter from Ghana and Community Fair Trade sesame seed oil from Nicaragua - all in this super creamy, petal-scented British Rose Body Butter for normal skin leaving your skin feeling softer, smoother and nourished with 96hr moisture giving you a natural-looking glow.



The Body Shop's Body Butters for very dry skin boast intensely rich textures that have been perfectly blended to help soothe and soften your skin type. These include the Coconut Body Butter with Community Fair Trade organic virgin coconut oil from Samoa and the Olive Body Butter enriched with Italian Community Fair Trade organic olive oil with Mediterranean scent.



Love yourself like never before with The Body Shop'snew most nourishing and sustainable Body Butters made with 95% (or more!) natural-origin ingredients.This includes the Avocado Body Butter for dry skin made with Hass avocado oil and Community Fair Trade shea butter.

The Body Shop launched the first ever Body Butter in 1992. Created in the kitchen of no less than The Body Shop Founder Dame Anita Roddick, the very first Mango Body Butter was given its name by her daughter who, while making a piece of toast, simply said "it's like butter… for your body". The rest is history.

Today, these iconic moisturisers are loved so much that one is sold every 3 seconds across the world. And these body-loving favourites just got even better.

The new Body Butters are now registered by The Vegan Society (a gold standard for vegan certification), made with at least 95% ingredients of natural origin, love skin with 96-hour moisture and come in their most sustainable packaging yet made with 100% recycled plastic tubs.

The new and improved Body Butters are made with at least 95% natural origin ingredients, including handcrafted Community Fair Trade shea butter from Ghana, which harnesses the nourishing power of Community Fair Trade shea butter from the Tungteiya Women's Association in northern Ghana.

In true Fair Trade fashion, this helps provide financial independence for Ghanaian women. Today, over 600 women from 11 villages handcraft the shea butter using an 18-stage process of traditional techniques, passed on mother to daughter for generations.

Delivering 96 hours of intense moisture, their Body Butters leave your skin feeling soft and smooth without feeling sticky. In fact, in a The Body Shop study, over 90% users agreed the formula easily melts into skin and has a non-sticky feel and over 86% agreed the Body Butters made them feel good in their skin.

Love yourself with The Body Shop's new, most nourishing and sustainable Body Butters ever for your skin type. There is Strawberry, British Rose, Pink Grapefruit, Satsuma for normal skin; Moringa, Mango and the new Avocado for dry skin; Shea, Coconut, Argan and Olive for very dry skin. There's also Almond Milk for dry, sensitive skin.

With new fully recyclable packaging, these are The Body Shop's most sustainable Body Butters ever. They're all made with aluminium lids and 100% recycled plastic, including Community Fair Trade recycled plastic collected off the streets of Bengaluru, India, through The Body Shop's trade partnership with Plastics for Change.

The Body Shop's Community Fair Trade partnership with Plastics for Change not only helps tackle the existing plastic problem but helps support around 2,500 marginalised waste pickers inIndia with access to more sanitary working conditions and a fair price for the plastic waste they collect.

Let's not break the cycle. We encourage our THE BODY SHOP customers to join our Return, Recycle Repeat program in partnership with SM Cares. To be a part of the movement, simply return your Empty, Clean and Dry containers in any of THE BODY SHOP stores located in the malls and will handle the recycling for you.

The Body Shop through our partnership with SM Cares' Plastic Waste Collection Program ensures that your participation helps avoid plastics from filling the oceans and adding to landfills. This is just the beginning of our plastic cycle and we can't wait to share with you more. Follow our social media accounts to know more about THE BODY SHOP & SM Cares partnership.

Give your body the love that it deserves with The Body Shop's most nourishing and sustainable Body Butters ever. The new Body Butter is available at The Body Shop stores and on its online store www.thebodyshop.com.ph.

---------------------

***About The Body Shop***

The Body Shop was founded in 1976 by Dame Anita Roddick in Little Hampton, England. The beauty brand pioneered corporate activism and was built on a philosophy that business can be a force for good. With its brand expression, Beauty with Heart, the company continues to be focused on five core values: Against Animal Testing, Support Community Fair Trade, Activate Self Esteem, Defend Human Rights and Protect the Planet.

All products are created using the finest ingredients sourced from the four corners of the globe, which are not tested on animals and are 100% vegetarian. The Body Shop has been in the Philippine market for twenty-five years with over 60 strategically located stores nationwide. **(KCHT)**

# GUNMAN SA PAGPATAY SA FISCAL, NAARESTO

Hawak na ng pulisya ang umanoy suspek sa pagpatay sa Assistant City Prosecutor sa Trece Martirez City,Cavite.

Kinilala ang suspek na si Marvin Tagayon Linaban, 44 ng Brgy H2, Dasmarinas City, Cavite, na umano'y inamin ang pagpatay kay Fiscal Edilberto Mendoza, 48, may-asawa, Asst City Prosecutor at residente ng Elysian Field Subd., Brgy Cabuco, Trece Martirez Cit,Cavite

Matatandaang noong nakaraang Biyernes ng umaga, December 31, 2021 dakong alas- 7:38 ng umaga nang barilin habang nag jojogging ang biktima ng nagtamo ng tama,sa ulo na siyang naging sanhi ng ikinamatay.

Ayon kay PSSgt Rene Bibon ng Trece Martires City Police at may hawak ng kaso, inamin ni Linaban ang pagpatay sa piskal matapos siyang bayaran ng halagang P25K.

Ang pagkakaaresto kay Linaban ay bunsod sa isinagawang anti-illegal drugs operation ng mga operatiba ng Drug Enforcement Unit (DEU) ng Dasmarinas CPS sa Brgy H2, Dasmarinas City. na nagresulta sa pagkakaaresto kay Linaban.

(cont. P.7)



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

# HUMANITY TRIVIA

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Diesel engine - 1892
Time clock - 1894
Melon - Egypt
Orange - China
Leek - lung disease

# COMFORT MEETS STYLE WITH BATA RED LABEL x ORTHOLITE



*Be a step above the rest with these Bata Women's Red Label Wilabel Heels. A sleek shoe that is easy to incorporate in every ensemble. Available in Black and Off-White.*



*Get that soft yet stylish feeling with Bata Women's Red Label Winifred Heels Sandals. Available in Black and Taupe.*



*Be it formal, semi-formal or casual, a pair of these Bata Women's Red Label Winifred Heels sandals elevates your outfit with ease and style. Available at The SM Store and Bata boutique stores at most SM Supermalls.*



*Fit for all occasions, these Bata Women's Red Label Vasanti Sandals in Polyurethane (PU) synthetic materials, are quintessential to any fashion's girl wardrobe.*



*Walk all day with style and ease with Bata Women's Red Label Wanella close toed and block heeled sandals. Its long- lasting cushioning has Lifesole by Ortholite technology.*



*These Bata Ladies Vella Red Label Pointed Heels are designed to carry you in comfort with synthetic upper material, high-heels that highlight your femininity, and a comfortable insole which distributes weight perfectly.*



*Bata's Lifesole technology ensures that customers can get 50% more comfort in every step while promising them long lasting cushioning.*

With things easing up and less of us working from home, it's time to step out in style – and of course, comfort –with Bata's Red Label women's collection with Lifesole by Ortholite.

Trendy, stylish, and elegant, the Bata Red Label women's heels collection will make every woman step above the rest with updated designs in functional and comfortable footwear for those on the go.

All engineered with Ortholite Lifesole for perfect comfort, Bata's Lifesole technology ensures that customers can get 50% more comfort in every step while having a long- lasting cushioning for your feet. And with this, Ortholite has created 'Lifesole' EXCLUSIVELY for Bata.

Aside from footwear and shoes, Bata also offers accessories such as wide selection of bags, purses, wallets and belts that are also guaranteed and designed with comfort, style, and finest quality.

They also created a complete line of Shoe care products to help you clean, restore, and protect your shoes. These include quality shoe care products such as shoe care polish, cleaners, insoles, heel grips, cushions and more.

The BataRed Label x Ortholite collection is available at The SM Store and Bata boutique stores at most SM Supermalls nationwide. You can also visit their official website at https://bata.com.ph/

***About Bata Shoes***

The Bata Group is one of the world's leading manufacturers and retailers of quality footwear. A global concern with more than 30,000 employees, 24 production facilities, over 5,000 stores in more than 70 countries across the globe, Bata has been providing the best shoes at the best prices, backed by unparalleled service, for 120 years. In the Philippines, Bata is in partnership with SM Retail.

Since its founding in 1894 by Thomas Bata, the company has consistently demonstrated its commitment to responsible and innovative business models in the belief that capital is not just money, buildings or technology, but more importantly, people, knowledge and core values. This visionary approach has enabled the company to meet each new challenge with creativity and foresight, while earning the trust and confidence of customers, employees and the communities in which it does business. **(KCHT)**

## GUNMAN SA PAGPATAY SA FISCAL... (from p. 6)

Kasabay nito isang Elvin Esguerra, 40 na nasugatan matapos na nagpaputok ng baril nang nalaman na pulis ang kanilang ka-transaksiyon.

Narekober sa nasabing operasyon ang P69,000 halaga ng shabu at mga baril.

Tumugma rin sa deskripsiyon ng suspek sa mga pinanood sa CCTV footages sa pagpatay sa Fiscal sa harapan ng kanyang bahay habang nagsasagawa ng morning exercises.

Lumalabas rin ang anggulong droga ang siyang naging motibo sa pagpatay sa fiscal kung saan maraming itong hinawakang kaso na may kaugnayan dito.

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Kamote bilang halamang gamot

Ang kamote ay isang kilalang bungang-ugat (root crop) na kinakain ng maraming mga Pilipino. Tinatanim at inaani ito sa maraming lugar sa mundo partikular sa maiinit na rehiyon gaya ng Pilipinas. Mayroon itong bulaklak na kulay lila, at dahon na hugis puso.



*Scientific name: Ipomoea batatas (L.) Lam. var. batatas.; Convolvulus batatas Linn. Common name: Kamote (Tagalog); Sweet Potato (Ingles)*

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Kamote?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang kamote ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang dahon ay may taglay na anthocyanins at phenolic acids. Ayon pa sa mga pag-aaral, mayroon itong crude protein; crude fat; crude fibre; carbohydrate; moisture contents. Maroon din itong mga bitamina gaya ng vitamin A, at vitamin C. May taglay pa itong mineral na zinc, potassium, sodium, manganese, calcium, magnesium at iron.

Ang bungang-ugat ay mahalagang pinagkukunan ng vitamin A, B at C, iron, calcium at phosphorus.

Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Dahon.** Ang dahon ay maaring kainin bilang gulay o dikdikin at ipantapal sa apektadong bahagi ng katawan.

**Bungang-ugat.** Karaniwang kinakain din ang bungang-ugat ng kamote.

**Ano ang mga sakit at kondisyon na maaaring magamot ng Kamote?**

1. **Diabetes**. Ang pagkain sa ginulay na dahon ng kamote o talbos ng kamote ay mabisa para matulungan ang paggaling ng sakit na diabetes. Makatutulong din ang pag-inom sa pinaglagaan ng buong halaman ng kamote.

2. **Pigsa**. Mabisang panglunas sa pagkakaroon ng pigsa ang pagtatapal ng dinikdik na dahon ng kamote.

3. **Pagtatae.** Karaniwang kinakain ang bungang-ugat ng kamote para sa kondisyon ng pagtatae o diarrhea.

4. **Dengue.** Nakatutulong din daw ang pag-inom sa pinaglagaan ng dahon ng kamote para mapanumbalik ang nasirang mga platelets dahil sa sakit na dengue.

5. **Epekto ng free radicals sa katawan.** Ang kamote ay may mataas na lebel ng beta-carotene na isang malakas ng anti-oxidant na lumalaban sa pagkasira ng mga cells na dulot ng mga free radicals.

6. **Mga sugat.** Makatutulong sa mabilis na paghilom ng mga sugat ang pagtatapal ng balat ng kamote sa apektadong bahagi ng katawan.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.VI NO. 07



*Pinangunahan ni Imus Mayor Emmanuel Maliksi ang pagpapasinaya ng Imus Public Market elevated parking area kasabay ang ceremonial blessing.*

*Umaabot sa 91 na sasakyan ang kayang tanggapin ng parking area na ito sa 3rd at 4th floor ng Imus Public Market, na magsisimula ng gamitin. Sa unang dalawang buwan ay libre ang pagparada upang malaman rin kung ano ang kailangang pagandahin sa sistema natin dito.*

*Sa pagbubukas nito, naihahatid natin ang mas maginhawang pamimili sa ating palengke at makakatulong ring makaiwas sa pagsikip ng trapiko sa mga kalapit na kalsada nito.*







*Nais nyo bang magkaroon ng isang simple ngunit romantikong kasalan upang pagtibayin ang inyong pag-iibigan? Narito na ang inyong pagkakataon!*

*Ang lokal na pamahalaan ng bayan ng Rosario, Cavite ay bukas na sa pagtanggap ng mga nais magpakasal sa darating na buwan ng mga puso, Pebrero 2022.*

*Ang programang ito ay bukas para sa lahat ng taga Rosario na nasa wastong edad ng pagpapakasal. Subalit dahil nasa Alert Level 3 ang probinsya ng Cavite, ang unang 50 pares lamang muna na magpapatala ang aming tatanggapin.*

*Para lalong patamisin ang inyong samahan, sagot na namin ang 'cake' sa araw ng inyong kasalan. Isang bote ng 'red wine' din ang handog upang pagsasaluhan ng bagong mag-asawa bilang simbolo ng inyong pagkakaisa at pagdiriwang ng habang buhay na pagsasama.*

*Para sa karagdagang impormasyon, magtungo lamang sa Mayor's Office at hanapin si Lorna Alegre.*




See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

## DO YOU KNOW ?

*Rudolf Ackerman designed the first Gears used for motor cars.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**